

Per quem maiestatem tuam
laudant Angeli, adorant
Dominaciones, tremunt
Potestates. Caeli calorumque
Virtutes, ac beata Seraphim,
socia exultatione concébrant.
Cum quibus et nostras voces ut
admitti iubeas, deprecámur,
suplici confessione dicentes:
— Sanctus, Sanctus,
Sanctus...

ANTIPONA SA KOMUNYON • Jn 6:57

QUI MANDUCAT meam carnem,
et bibit meum sanguinem, in me
manet, et ego in eo, dicit
Dominus.

Kaya sa pamamagitan Niya, ang makapal na
mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng
mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at
sumasamba sa iyong kamahalan. Nagbubunyi
rin ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin
ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama
nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay
ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo,
Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

ANG NGUMUNGUYA ng aking laman at
umiinom ng aking dugo ay namamalagi sa akin
at ako naman sa kanya, wika ng Panginoon.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

GRATIA tua nos, quaesumus,
Domine, non derelinquat : quæ
et sacræ nos debitõs faciãt
servituti, et tuam nobis opem
semper acquirat. Per Dominum.

HUWAG nawa kami talikuran ng iyong grasya,
o Panginoon, ngunit gawin kami nitong tapat
sa iyong banal na paglilingkod at parating
makamptan namin ang iyong tulong. Sa
pamamagitan ni Jesucristong Panginoon
namin...

*Sa dakong Paghayo at Pagbabasbas sa katapusan ng Misa, haharap ang pari sa bayan, sasabihin
ang mga katagatang "Humiliate capita vestra Deo" (Iyuko niyo ang inyong mga ulo sa
Dios.)*

PAGPAPANALANGIN SA SAMBAYANAN

ADËSTO, Domine, famulis tuis,
et perpétuam benignitatem
largire poscentibus : ut iis, qui te
auctore et gubernatore
gloriantur, ei congregata
restãures et restaurata conserves.
Per Dominum.

ALALAYAN MO nawa ang iyong mga lingkod,
o Panginoon, at gawaran sila ng matagalang
kabutihan na kanilang hinihiling nang sa gayon
habang pinupuri ka bilang kanilang
Tagapaglalang at Tagapamuno ay iyong ibalik
ang mga biyayang minsan nilang tinaglay, at
panatilihin itong iyong pinasigla. Sa
pamamagitan ni Jesucristong Panginoon
namin...

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite ©2022
Comision Para sa Pagsasalin

JUEVES

MAKARAAN ANG IKALAWANG LINGGO NG CUARESMA

Misa "Deus in adiutorium"

• III cl. • Simple • Lila

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 69:2-3

DEUS, in adiutorium meum
intende : Domine, ad
adjuvandum me festina :
confundantur et revereantur
inimici mei, qui
querunt animam meam. — *Ps
69:4* Avertantur retrorsum et
erubescant : qui cogitant mihi
mala. *V.* Gloria Patri. Ne
derelinquas me.

O DIOS, malugod mo akong sagipin! O
Panginoon, magmadali ka sa pagsaklolo sa akin!
Nawa'y mapahiya't magulumihanan ang
naghahangad sa buhay ko. Nawa'y mataranta at
mawalang-puri ang nagnanais ng kaluluwa
ko.— *Salmo 69:4* Nawa'y magsibalik na taglay
ang kanilang kahihyan ang mga naghahangad
ng aking kasiraan. *V.* Luwalhati sa Ama. —
Huwag akong pabayaang...

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

P RÆSTA nobis, quaesumus,
Domine, auxilium gratiæ tuæ :
ut, jejuniis et orationibus
convenienter intenti, liberemur
ab hostibus mentis et corporis.
Per Dominum.

IGAWAD mo nawa, aming hiling sa iyo o
Panginoon, ang tulong ng iyong grasya: nang sa
pita namin sa pag-aayuno at
pananalangin tulad ng inaatas sa amin, nawa'y
kalingain kami laban sa mga kaaway ng
kaluluwa't katawan. Sa pamamagitan ni
Jesucristong Panginoon namin...

*Sa Misa ngayong araw, idaragdag ang ika-2 panalangin, "Upang Hingin Ang
Pamamagitan Ng Mga Banal"; ika-3 panalangin, "Para Sa Mga Nabubuhay At Sa Mga
Yumao."*

PAGBASA • Jer 17:5-10

Pagbasa mula sa aklat ni Propeta Jeremias.

I TO ANG WIKA NG PANGINOONG DIOS: Isumpa ang taong nagtitiwala sa tao
I at iniaasa ang kanyang lakas sa laman, samantalang lumalayo ang kanyang puso
sa Panginoon! Para siyang dawag sa lupang tuyo, sa tigang at pinabayaang mga
lugar sa lupang maalat na walang naninirahan at walang kaligayahan. Pinagpala ang
nanaanig sa Panginoon at sa kanya umaasa! Para siyang punong nakatanim sa may
tubig, na patungo sa ilog ang mga ugat.

Hindi niya pinangangambahan ang pagdating ng init; laging berde ang kanyang mga dahon; wala siyang problema sa taon ng tagtuyot at lagi siyang namumunga. Napakamanlilinlang ang puso: Sino ang makauunawa nito? Akong Panginoon ang sumisiyasat sa puso at sumasaliksik sa isipan. Ginagantimpalaan ko ang bawat isa ayon sa kanyang mga gawi at bunga ng kanyang mga gawa, wika ng Panginoong makapangyarihan sa tanan. — **R. Salamat sa Dios.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 78:9-10

PROPÍTIUS esto, Dómine, peccátis nostris : ne quando dicant gentes : Ubi est Deus eórum?
V. Adjuva nos, Deus, salutáris noster : et propter honórem nóminis tui, Dómine, líbera nos.

PATAWARIN mo kami o Dios: Bakit ba sinasabi ng ibang bansa: Nasaan ang kanilang Dios?
V. Tulungan mo kami, Dios naming tagapagligtas, alang-alang sa ikaluluwalhati ng pangalan mo. Iligtas mo kami at tubusin.

EBANGHELYO • Lc 16:19-31

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHO NG IYON: Wika ni Jesús sa mga Pariseo: May isang mayaman na nakabihis ng magarang damit at pinong lino at parang pista ang kanyang buhay sa araw-araw. Nakahandusay naman sa may pintuan niya ang isang dukhang nangganggalang Lazaro. Tadtad siya ng mga sugat at gusto sana niyang kainin ang mumong nahuhulog sa hapag ng mayaman; sa halip ay mga aso ang lumalapit sa kanya at hinihimuran ang kanyang mga sugat. At namatay ang dukha at dinala siya ng mga anghel sa piling ni Abraham. Namatay rin naman ang mayaman at inilibing. Nang nasa impiyerno na siya, tumingala siya sa kanyang pagdurusa at natanaw sa malayo si Abraham at si Lazaro sa piling nito. Kaya sumigaw siya: ‘Amang Abraham, maawa ka sa akin at utusan mo naman si Lazaro na isawsaw niya sa tubig ang dulo ng kanyang daliri para paginhawahin ang aking dila dahil lubha akong naghihirap sa lagablab na ito.’ Sumagot si Abraham: ‘Anak, alalahanin mong tinanggap mo na sa buhay mo ang mabuti sa iyo at kay Lazaro naman ang masasama. Kaya siya ngayon ang nasa ginhawa at ikaw ang nagdurusa. At isa pa’y malawak na kabundukang di matatawid ang itinakda sa pagitan natin. Kaya hindi makatatawid ang mga may gustong pumunta riyan galing dito, at hindi rin naman makatatawid ang mula riyan papunta rito.’ Sumagot ang mayaman: ‘Kaya ipinakikiusap ko sa iyo, Ama, na papuntahin mo si Lazaro sa bahay ng aking ama, kung saan naroon ang lima kong kapatid para babalaan sila upang di sila mapunta sa lugar na ito ng pagdurusa.’

Sumagot si Abraham: ‘Nasa kanila si Moises at ang mga propeta, makinig sila sa mga ito.’ Sinabi niya: ‘Hindi gayon, Amang Abraham; kung isa sa mga patay ang pupunta sa kanila, magsisisi sila.’ Sinabi ni Abraham: ‘Kung hindi nila pakikinggan si Moises at ang mga propeta, bumangon man ang isa sa mga patay ay hindi pa rin sila maniniwala.’ — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ex 32:11, 13-14

PRÉCÁTUS est Móyses in conspéctu Dómini, Deí sui, et dixit : Quare, Dómine, irascéris in pópulo tuo? parce iræ ánimæ tuæ : meménto Abraham, Isaac et Jacob, quibus jurásti dare terram fluéntem lac et mel. Et placátus est Dóminus de malignitáte, quam dixit fácere pópulo suo.

PINAKIUSAPAN ni Moises sa harap ng Panginoong kanyang Dios, at sinabi: “O Panginoon, bakit nag-aapoy ang iyong galit? Alalahanin mo ang iyong mga lingkod na sina Abraham, Isaac at Jacob, at ang pangakong binitiwang mo sa kanila sa ganang sarili mo na igagawad mo sa kanila ang lupain ng pulot at gatas. Nagbago nga ng isip ng Panginoon tungkol sa bantang kapahamakan sa kanyang bayan.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

PRÉSENTI sacrificio, nómini tuo nos, Dómine, jejúnia dicáta sanctíficent : ut, quod observántia nostra profitétur extérius, intérius operétur efféctú. Per Dominum.

NAWA’Y itong pag-aayunong nakatalaga sa iyong Ngalan, o Panginoon, ay gawin kaming banal para sa kasalukuyang paghahandog, nang kung ano mang bisang ipinapalabas ng aming pagtalima sa Cuaresma’y magkaroon ng bisa sa panloob naming kalagayan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

PREPASYO NG KWARESMA

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens, ætérne Deus.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan:

Qui corporáli ieiúnio vítia cómpimis, mentem élevas, virtútem largís et prámia: per Christum Dóminum nostrum.

Sapagkat sa pagpapakasakit ng katawan, sinusugpo mo ang aming masasamang hilig at itinataas ang aming isipan; binibigyan kami ng lakas at ginagantimpalaan, alang-alang kay Cristong aming Panginoon.